# ANG IYONG MGA KARAPATAN

## Paggamot Para Sa Karamdaman Sa Paggamit Ng Ipinagbabawal Na Sangkap

**Bilang isang residente ng Los Angeles County na kwalipikado para sa Medi-Cal o iba pang piling programa ng County, may karapatan kang makatanggap ng mga serbisyong medikal na kailangan para sa paggamot sa paggamit ng ipinagbabawal na sangkap nang walang bayad.**

## Mayroon ka ring Karapatan na:

- Magamot at makatanggap ng pangangalaga na may dignidad at walang diskriminasyon batay sa iyong lahi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kakayahan sa kaisipan, pisikal na kakayahan, medikal na kondisyon, relihiyon, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon.
- Makibahagi sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa paggamit ng sangkap (substance), kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Makatanggap ng isang indibidwal na plano ng paggamot na nakatuon sa mga resulta.
- Maging malaya mula sa mental at pisikal na pang-aabuso, pagsasamantala, pamimilit, at pisikal na pagpigil (restraint).
- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales na mahalaga sa iyong pangangalaga sa ibang mga pormat (tulad ng ibang wika, malaking limbag na letra, braille, at napapakinggan [audio]), kapag hiniling.
- Makatanggap ng paggamot na nakabatay sa ebidensya at etikal mula sa mga kwalipikadong kawani sa isang ligtas at malusog na kapaligiran.
- Mapanatiling ligtas at pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan, at magkaroon ng kakayahang tumangging makatanggap ng mga komunikasyon para sa pangangalap ng pondo.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa paraang nagbibigay-galang at pagkilala sa epekto ng wika, kultura, at kakayahan ng isang indibidwal.
- Humiling at makatanggap ng kopya ng iyong medikal na rekord, at humiling na ito ay baguhin o itama ayon sa nakasaad sa 45 CFR §164.524 at 164.526.
- Makatanggap ng serbisyong sinasalitang interpretasyon sa iyong nais na wika.
- Makatanggap ng akses sa mga medikal na kinakailangang serbisyo sa labas ng network, kung ang County ay walang tagapagkaloob (provider) na maaaring makapagbigay ng mga serbisyo.
- Makatanggap ng napapanahong akses sa pangangalaga.
- Humiling ng apela kung makakatanggap ka ng Abiso ng Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination).
- Mabigyan ng sabayang paggamot para sa magkasamang umiiral na kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- Manatili sa pagpapagamot hangga't awtorisado ang tagapagkaloob ng serbisyo na gamutin ang kliyente.
- Makatanggap ng suporta, edukasyon, at paggamot para sa kanilang pamilya at mga mahal sa buhay, kung awtorisado ang tagapagkaloob ng serbisyo na magbigay ng mga serbisyong ito.
- Maghain ng reklamo sa pasilidad kung saan ka tumatanggap ng pangangalaga, sa County, at sa ilang pagkakataon, sa Kalihim ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Health and Human Service Secretary), at makatanggap ng tugon.
- Gamitin ang mga karapatang ito ng hindi naaapektuhan sa negatibong paraan ang mga serbisyong iyong natatanggap.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, sumangguni sa iyong Munting Libro ng Pasyente (Member Handbook) o bisitahin ang publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm para sa iba pang mga karapatang itinakda ng batas o regulasyon.

Tagalog/Filipino

Updated: August 2025

SAPC Substance Abuse Prevention and Control

County of Los Angeles Public Health